

# Ang instrumento ng pagsusuri sa COVID-19 para sa mga mag-aaral at mga bata na nasa paaralan at sa alagaan ng bata

Bersyon 3: Oktubre 18, 2021

Ang mga mag-aaral at mga bata ay kinakailangang sumailalim ng pagsusuri sa COVID-19 araw-araw bago pumasok sa paaralan o pumunta sa alagaan ng bata (child care). Maaari itong kumpletihin ng mga magulang/tagapag-alaga para sa kapakanan ng bata.

Petsa (mm-dd-yyyy) \_\_\_\_\_

## Mga tanong sa pagsusuri

### 1. Ang mag-aaral/bata ay kasalukuyan bang nakararanas ng anuman sa mga sintomas na ito?

Ang mga sintomas na nakalista rito ay ang pinaka-karaniwang mga sintomas na nauugnay sa COVID-19. Kung mayroon kayong mga sintomas na ito, dapat ninyong ihiwalay ang sarili sa iba at magpatasa.

Paki-tandaan na ang rapid antigen testing ay hindi dapat gamitin para sa mga may sintomas ng COVID-19 o para sa mga nakipag-ugnayan sa mga tao na alam nang may kaso ng COVID-19.

Ang sinumang may sakit o may anumang sintomas ng karamdaman, kabilang yung mga hindi nakalista sa ibaba, ay dapat manatili sa bahay at magpatasa sa kanilang tagapangalaga ng kalusugan kung kinakailangan.

Piliin ang alinman/lahat ng bago, lumalala, at hindi nauugnay sa anumang sanhi o kundisyong mayroon na sila.

<b>Lagnat at/o panginig</b> May temperaturang 37.8 degrees Celsius/100 degrees Fahrenheit o mas mataas pa at/o nanginginig	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
<b>Inuubo o kumakahol na pag-ubo (croup)</b> Patuloy, mahigit sa karaniwan, gumagawa ng sumisipol na tunog kapag humihinga (hindi nauugnay sa hika, mga daanan ng hangin na nagpapakita ng reaksiyon pagkatapos ng impeksyon, o iba pang alam na mga sanhi o kundisyon na dati pang mayroon na sila)	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
<b>Kinakapos na hininga</b> Kawalan ng hininga, hindi makahinga nang malalim (hindi nauugnay sa hika o iba pang alam na mga sanhi o kundisyon na dati pang mayroon na sila)	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
<b>Pagkabawas o kawalan ng panlasa o kakayahang umamoy</b> Hindi nauugnay sa papana-panahong mga allergy, neurological na mga karamdaman, o iba pang alam na mga sanhi o kundisyon na dati pang mayroon na sila	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi
<b>Pagduduwal, pagsusuka at/o pagtatae</b> Hindi nauugnay sa irritable bowel syndrome, pagkabalisa, pamumulikat dahil sa regla, o iba pang alam na mga sanhi o kundisyon na dati pang mayroon na sila	<input type="checkbox"/> Oo	<input type="checkbox"/> Hindi

### 2. Naaangkop ba ang alinman sa mga sumusunod sa mag-aaral/bata?

- Sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19 (14 na araw na o mahigit pa ang nakaraan mula nung kanilang panghuling dosis ng dalawang-dosis o ng isang-dosis na serye ng bakuna)
- Sila ay nakatanggap ng positibong resulta sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw (at simula noon ay napagsabihan na wala nang problema)

Kung OO, laktawan ang 3, 4, 5 na mga tanong

Hindi kinokolekta ang impormasyon tungkol sa personal na kalusugan kapag inyong kinumpleto ang instrumento ng pagsusuri na ito. Ang layunin ng tanong na ito ay upang makapagbigay ng tumpak na mga tagubilin sa paghiwalay ng sarili sa iba, na siyang naka-base sa katayuan ng pagkabakuna at dating kasaysayan ng impeksyon.

3. **May kasama ba sa bahay ang mag-aaral/bata na kasulukuyang nakararanas ng anumang bagong sintomas ng COVID-19 at/o hinihintay ang mga resulta ng pagpapasuri matapos makararanas ng mga sintomas na ito?**  Oo  Hindi
- Mga bata (<18 taong gulang):** lagnat at/o pangginginig, inuubo o kumakahol na pag-ubo, kinakapos na hininga, pagkabawas o kawalan ng panlasa o kakayahang umamoy, pagduduwal, pagsusuka at/o pagtatae
- Mga matatanda: (≥18 taong gulang):** lagnat at/o pangginginig, inuubo o kumakahol na pag-ubo, kinakapos na hininga, pagkabawas o kawalan ng panlasa o kakayahang umamoy, pagkapagod, pananakit ng kalamnan
- Kung ang indibidwal na dumaranas ng mga sintomas ay nakatanggap ng COVID-19 na bakuna sa nakaraang 48 oras at ay dumaranas lamang ng banayad na pagkapagod, pananakit ng kalamnan, at/o pananakit ng kasu-kasuan na nagsimula lamang pagkatapos na mabakunahan, piliin ang "Hindi."
4. **Sa nakaraang 10 araw, tinukoy ba ang mag-aaral/bata bilang isang "malapit na nakipag-ugnayan" sa isang tao na kasulukuyang mayroong COVID-19?**  Oo  Hindi
- Kung pinayuhan kayo ng pampublikong kalusugan na hindi na ninyo kinakailangang ihiwalay ang sarili sa iba, piliin ang "Hindi."
5. **Sa nakaraang 10 araw, ang mag-aaral/bata ay nakatanggap ba paunawa sa kanilang cell phone na nagbibigay-Babala tungkol sa pagkalantad sa COVID?**  Oo  Hindi
- Kung simula noon, ang mag-aaral/bata ay nakatanggap na ng negatibong resulta sa isang PCR test na base sa laboratoryo, piliin ang "Hindi."
6. **Naaangkop ba ang alinman sa mga sumusunod?**  Oo  Hindi
- Sa nakaraang 14 na araw, nagbiyahe ba ang mag-aaral/bata sa labas ng Canada at sinabihan na magpa-quarantine
  - Sa nakaraang 14 na araw, nagbiyahe ba ang mag-aaral/bata sa labas ng Canada at sinabihan na huwag pumasok sa paaralan/alagaan ng bata
- Pakitandaan na kung ang mag-aaral/bata ay hindi **ganap na nabakunahan** ngunit hindi sakop ng pederal na quarantine dahil [sila ay may kasamang isang nabakunahang tao sa kanilang pagbibiyaha](#), hindi sila dapat pumasok sa paaralan o pumunta sa alagaan ng bata sa loob ng 14 na araw. Piliin ang "oo" kung naaangkop ito sa inyong mag-aaral/bata.
7. **Pinagsabihan ba kayo ng doktor, tagapangalaga ng kalusugan, o yunit ng pampublikong kalusugan na ang mag-aaral/bata ay kasalukuyang dapat ihiwalay sa iba (manatili sa bahay)?**  Oo  Hindi
- Ito ay maaaring dahil sa pagsiklab o resulta ng paunawang ibinigay sa mga taong nakipag-ugnayan sa isang indibidwal na nahawa.
8. **Sa nakaraang 10 araw, nakatanggap ba ang mag-aaral/bata ng positibong resulta sa isang rapid antigen test o mula sa isang pambahay na test kit na ginamit sa kanyang sarili?**  Oo  Hindi
- Kung simula noon, ang mag-aaral/bata ay nakatanggap na ng negatibong resulta sa isang PCR test na base sa laboratoryo, piliin ang "Hindi."

## Resulta ng mga tanong sa pagsusuri

- !** Kung "OO" ang sagot ninyo sa alinman sa mga sintomas na kabilang sa tanong 1, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa alagaan ng bata.
- Dapat ihiwalay ng mag-aaral/bata ang kanyang sarili sa iba (manatili sa bahay) at huwag lumabas maliban na lamang kung magpapasuri o para sa isang medikal na emergency.
  - Makipag-usap sa doktor/tagapangalaga ng kalusugan upang makatanggap ng payo o pagtatasa, kabilang kung ang mag-aaral/bata ay mangangailangan ng pagsusuri para sa COVID-19.
    - Ang mga magkakapatid o ibang tao sa inyong sambahayan ay dapat manatili sa bahay hanggang sa ang mag-aaral/bata na may mga sintomas ay makatanggap na ng negatibong resulta sa pagsusuri, o napagsabihan na wala na siyang problema ng lokal na yunit ng pampublikong kalusugan, o kaya ay na-diagnose na mayroong iba pang karamdaman. Ang mga miyembro ng sambahayan na ganap nang nabakunahan o kaya ay nakatanggap ng positibong resulta sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at simula noon ay napagsabihan na wala na silang problema ay hindi kinakailangang manatili sa bahay.
  - Makipag-ugnayan sa inyong paaralan/tagapangalaga ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta na ito.

- !** **Kung “OO” ang sagot ninyo sa tanong 3, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa alagaan ng bata.**
- Dapat ihiwalay ng mag-aaral/bata ang kanyang sarili sa iba (manatili sa bahay) at huwag lumabas maliban na lamang kung magpapasuri o para sa isang medikal na emergency.
  - Maaaring bumalik ang mag-aaral/bata sa paaralan o sa pangalagaan ng bata matapos na makatanggap ng negatibong resulta sa pagsusuri ang isang indibidwal na may sintomas, ay napagsabihan na wala na siyang problema ng inyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan, o kaya ay na-diagnose na mayroong iba pang karamdaman.
  - Makipag-ugnayan sa inyong paaralan/tagapangalaga ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta na ito.

- !** **Kung “OO” ang sagot ninyo sa tanong 4, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa alagaan ng bata.**
- Dapat ihiwalay ng mag-aaral/bata ang kanyang sarili sa iba (manatili sa bahay) sa loob ng 10 araw at huwag lumabas maliban na lamang kung magpapasuri o para sa isang medikal na emergency.
  - Sundan ang payo ng inyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan o ng tagapangalaga ng kalusugan, kabilang kung aling mga sintomas ang dapat pagmasdan at kung kailan dapat kumuha ng COVID-19 PCR test. Paki-tandaan na ang rapid antigen testing ay hindi dapat gamitin para sa mga nakipag-ugnayan sa mga tao na alam nang may kaso ng COVID-19.
  - Maaari lamang na makabalik ang mag-aaral/bata sa paaralan/alagaan ng bata makalipas ng 10 araw, kahit na negatibo ang resultang natanggap nila sa pagsusuri, hangga’t hindi sila nagkakaroon ng anumang mga sintomas.
    - Ang mga kapatid at iba pang tao sa inyong sambahayan ay maaaring pumasok sa paaralan, sa alagaan ng bata o sa trabaho, ngunit dapat huwag lumabas ng bahay para sa iba pang hindi mahalagang dahilan. Ang mga miyembro ng sambahayan na ganap nang nabakunahan o kaya ay nakatanggap ng positibong resulta sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at simula noon ay napagsabihan na wala na silang problema ay hindi kinakailangang manatili sa bahay.
  - Kung ang mag-aaral/bata ay nagkaroon ng alinman sa mga sintomas na nakalista sa itaas o nakatanggap ng positibong resulta sa pagsusuri, makipag-ugnayan sa inyong lokal na pampublikong yunit ng kalusugan o doktor/tagapangalaga ng kalusugan para sa karagdagang payo.
  - Makipag-ugnayan sa inyong paaralan/tagapangalaga ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta na ito.

- !** **Kung “OO” ang sagot ninyo sa tanong 5, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa alagaan ng bata.**
- Dapat ihiwalay ng mag-aaral/bata ang kanyang sarili sa iba (manatili sa bahay) at huwag lumabas maliban na lamang kung magpapasuri o para sa isang medikal na emergency.
  - Bumisita sa isang sentro ng pagsusuri at ipasuri sila para sa COVID-19.
    - Kung negatibo ang natanggap nilang resulta sa PCR test (wala silang virus), maaari silang bumalik sa paaralan/alagaan ng bata.
    - Kung positibo ang natanggap nilang resulta sa PCR test (mayroon silang virus), kailangan nilang ipagpatuloy na ihiwalay ang sarili sa iba at makababalik lamang sila kapag pinahintulutan na ng inyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan.
  - Kung sila ay nagkaroon ng mga sintomas, makipag-ugnayan sa inyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan o doktor/tagapangalaga ng kalusugan para sa karagdagang payo.
    - Ang mga magkakapatid o iba pang tao sa inyong sambahayan ay maaaring pumasok sa paaralan, sa alagaan ng bata o sa trabaho, ngunit hindi dapat lumabas ng bahay para sa iba pang hindi mahalagang dahilan ang indibidwal na nakatanggap ng babala tungkol sa COVID hanggang siya ay nakatanggap na ng negatibong resulta sa PCR test, o pinahintulutan na ng lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Ang mga miyembro ng sambahayan na ganap nang nabakunahan o kaya ay nakatanggap ng positibong resulta sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at simula noon ay napagsabihan na wala na silang problema ay hindi kinakailangang manatili sa bahay.
  - Makipag-ugnayan sa inyong paaralan/tagapangalaga ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta na ito.

- !** **Kung “OO” ang sagot ninyo sa tanong 6, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa alagaan ng bata.**
- Kinakailangang sundin ng mag-aaral/bata ang pederal na patnubay para sa mga indibidwal na nagbiyahe sa ibang bansa, kabilang ang hindi pagpasok sa paaralan/pagpunta sa alagaan ng bata sa loob ng 14 na araw ng kanilang pagdating at sumailalim ng pagsusuri ayon sa mga pederal na kautusan.
  - Kung ang mag-aaral/bata ay napagsabihan na sumailalim ng quarantine, kinakailangan nilang manatili sa bahay nang 14 na araw at huwag lumabas maliban na lamang kung magpapasuri o para sa isang medikal na emergency. Para sa karagdagan pang impormasyon tungkol sa pederal na mga kautusan para sa mga mantalalabay, bisitahin po lamang ang [website ng Pamahalaan ng Canada](#).
  - Kung ang mag-aaral/bata ay nagkaroon ng mga sintomas o naging positibo sa pagsusuri, makipag-ugnayan sa inyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan o doktor/tagapangalaga ng kalusugan para sa karagdagang payo.

- Makipag-ugnayan sa inyong paaralan/tagapangalaga ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta na ito.

**! Kung “OO” ang sagot ninyo sa tanong 7, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa alagaan ng bata.**

- Dapat ihiwalay ng mag-aaral/bata ang kanyang sarili sa iba (manatili sa bahay) at huwag lumabas maliban na lamang kung magpapasuri o para sa isang medikal na emergency.
- Sundin ang payo ng pampublikong kalusugan. Ang mag-aaral/bata ay maaaring bumalik sa paaralan/alagaan ng bata matapos silang pahintulutan ng inyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan.
- Kung ang mag-aaral/bata ay nagkaroon ng mga sintomas, makipag-ugnayan sa inyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan o doktor/tagapangalaga ng kalusugan para sa karagdagang payo.
  - Ang mga kapatid o iba pang tao sa inyong sambahayan ay dapat manatili sa bahay hangga’t ang mag-aaral/bata ay nakatanggap ng negatibong resulta sa pagsusuri, o napagsabihan na wala nang problema ng lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Ang mga miyembro ng sambahayan na ganap nang nabakunahan o kaya ay nakatanggap ng positibong resulta sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at simula noon ay napagsabihan na wala na silang problema ay hindi kinakailangang manatili sa bahay.
- Makipag-ugnayan sa inyong paaralan/tagapangalaga ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta na ito.

**! Kung “OO” ang sagot ninyo sa tanong 8, huwag pumasok sa paaralan o pumunta sa alagaan ng bata.**

- Dapat ihiwalay ng mag-aaral/bata ang kanyang sarili sa iba (manatili sa bahay) at huwag lumabas maliban na lamang kung magpapasuri o para sa isang medikal na emergency.
- Bumisita sa isang sentro ng pagsusuri at ipasuri sila para sa COVID-19.
  - Kung negatibo ang natanggap nilang resulta sa PCR test (wala silang virus), maaari silang bumalik sa paaralan/alagaan ng bata.
  - Kung positibo ang natanggap nilang resulta sa PCR test (mayroon silang virus), kailangan nilang ipagpatuloy na ihiwalay ang sarili sa iba at makababalik lamang sila kapag pinahintulutan na ng inyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan.
- Kung sila ay nagkaroon ng mga sintomas, makipag-ugnayan sa inyong lokal na yunit ng pampublikong kalusugan o doktor/tagapangalaga ng kalusugan para sa karagdagang payo.
- Kinakailangang ihiwalay ng mga kapatid o iba pang tao sa inyong sambahayan ang kanilang sarili sa iba hanggang sa ang indibidwal na nakatanggap ng positibong resulta sa rapid antigen test o sa pambahay na test kit na ginamit sa kanyang sarili ay negatibo na ang kanilang natanggap na resulta sa isang PCR test o kaya ay napagsabihan na wala nang problema ng lokal na yunit ng pampublikong kalusugan. Ang mga miyembro ng sambahayan na ganap nang nabakunahan o kaya ay nakatanggap ng positibong resulta sa COVID-19 sa nakaraang 90 araw at simula noon ay napagsabihan na wala nang problema ay hindi kinakailangang ihiwalay ang sarili sa iba.
- Makipag-ugnayan sa inyong paaralan/tagapangalaga ng bata at ipaalam sa kanila ang tungkol sa resulta na ito.

**✓ Kung “HINDI” ang sagot ninyo sa lahat ng mga tanong, maaaring pumasok sa paaralan/pumunta sa alagaan ng bata ang inyong anak. Sundin ang itinatag na proseso ng inyong paaralan/tagapangalaga ng bata upang ipaalam sa mga tauhan tungkol sa mga resultang ito.**

- Ayon sa regular na mga pamamaraan, ang lahat ng mga may sakit na indibidwal na may anumang sintomas ng karamdaman ay kinakailangang manatili sa bahay at humiling ng pagtatasa mula sa kanilang regular na tagapangalaga ng kalusugan kung kinakailangan.
- Ang mga indibidwal na may malulubhang mga sintomas na nangangailangan ng emergency na pangangalaga ay kinakailangang pumunta sa kanilang pinakamalapit na departamento ng emergency.
- Kung ang isang indibidwal ay nagkaroon ng mga sintomas na hindi kabilang sa listahan sa itaas, maaaring magrekomenda ng iba pang mga hakbang ang Yunit ng Pampublikong Kalusugan kabilang ang pagtatasa na naka-base sa isang pagsusuri ng mga sintomas ng indibidwal at ng kasaysayan ng kanyang pagkalantad.

**Pampublikong Kalusugan ng Ontario - Pagbibigay ng Paunawa sa mga Taong Nakipag-ugnayan sa Isang Indibidwal na Nahawa (Contact Tracing)**

Ang pagsasagot sa mga tanong na ito ay opsyonal. Ang impormasyong ito ay gagamitin lamang ng mga opisyal ng Pampublikong Kalusugan para sa layunin ng pagbibigay ng paunawa sa mga taong nakipag-ugnayan sa isang indibidwal na nahawa. Lahat ng mga impormasyon ay buburahin sa loob ng 28 araw.

Petsa: \_\_\_\_\_

Pangalan: \_\_\_\_\_

Telepono o Email: \_\_\_\_\_